# Utusan niyo ang inyong mga anak na mag-salah (magdasal) nang sila ay pitong taong gulang, at hampasin niyo sila alang-alang sa salah, nang sila ay sampung taong gulang, at hiwalayin niyo ang pagitan nila sa tulugan.

Mula kay Amr Bin Shu'ayb, mula sa kanyang tatay, mula sa kanyang lolo -Malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Utusan niyo ang inyong mga anak na mag-salah (magdasal) nang sila ay pitong taong gulang, at hampasin niyo sila alang-alang sa salah, nang sila ay sampung taong gulang, at hiwalayin niyo ang pagitan nila sa tulugan)). At mula kay Abu Thariyah Sabrah Bin Ma'bad Al-juhaniy -Malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Turuan niyo ang bata ng pagsa-salah (pagdadasal) sa edad na pitong taong gulang, at hampasin niyo siya alang-alang sa salah sa edad na sampung taong gulang)). At ang salita ni Abu Dawud: ((Utusan niyo ang bata ng pagsa-salah (pagdadasal) kapag sila ay umabot ng pitong taong gulang)).

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Turuan niyo ang inyong mga anak lalaki at babae ng pagsasalah (pagdadasal) at utusan niyo sila kapag nakumpleto nila ang pitong taon na edad, at hampasin niyo sila alang-alang sa pag-sagawa sa kanya kung sila ay iiwas sa edad na sampu, at paghiwalayin niyo ang pagitan nila sa tulugan".



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee